



Energizer®




ENERGY 5500E




1.1




1.2




2.1




2.2



2.3



3.1



3.2

IPINAKIKILALA ANG IYONG CELLPHONE

Matuto sa iyong cellphone mula sa mga pipindutin, ipinapakita at mga icon.

Mga Pipindutin

Mula sa harap ng iyong telepono makikita mo ang mga sumusunod na mga elemento:

(Tingnan sa 1.1 – Pahina 1)

Ang mga sumusunod na talaan ay nag-aalok sa iyo ng mabilis na paglalarawan tungkol sa mga dapat pindutin sa itong telepono:

Tala	Pindutan	Function
1	Button sa pagbukas	Pinahihintulutan kang buksan/patayin ang iyong telepono at i-lock ang screen.
2	Tomo	Pinahihintulutan kang i-adjust ang tunog ng mga tugtog at notipikasyon. At pinahihintulutan ka ding i-adjust ang tunog ng multimedia na nilalaman ng pag-playback.
3	Bumalik	Pinahihintulutan kang bumalik sa dating menu o screen. Nagpapahintulot sa iyo na isarado ang ilang mga aplikasyon.
4	Home	Dadalin ka nito deretso sa home screen, na iniwang bukas ang anumang aplikasyon.

5	Menu	Pinahihintulutan ka nito na na makapasok sa mga function ng menu ng aplikasyon o kung saang screen ka nanduon.
---	-------------	--













Screen

Ang screen ng iyong cellphone ay dinesenyo para sa mga sumusunod:

(Tingnan sa 1.2 – Pahina 1)

Mga Icon

Alamin ang tungkol sa mga icon na ipinapakita na nasa ibabaw ng screen, na nagpapahiwatig ng katayuan ng telepono:

	Lakas ng signal		Nakakonekta ang Wi-Fi
	Nakabukas na Bluetooth		Nakakonekta ang USB
	Metro ng Baterya		Bagong mensahe
	Profile ng pag-vibrate		Bagong email
	Tagapagpahiwatig ng roaming		Aktibo ang alarma
	Nakakonekta ang headset		Tahimik na profile

PAGHAHANDA NG IYONG CELLPHONE

Magsimula sa pag-set up ng iyong mobile phone para sa unang paggamit nito.

I-install ang SIM card at baterya

Kapag nag-subscribe ka sa isang serbisyo ng cellular, makakatanggap ka ng isang Subscriber Identity Module (SIM) card, na may mga detalye ng subscription, tulad ng iyong personal na numero ng pagkakakilanlan (PIN) at mga opsyonal na serbisyo.

Para i-install ang SIM card at baterya,

1. Tanggalin ang takip ng baterya.

(Tingnan sa 2.1 – Pahina 2)

2. Ilagay ang SIM card.

Ang iyong telepono ay mayroong 2 lalagyan ng SIM card na ipinahihintulot na makagamit ka ng 2 SIM card at ipagpalit ang bawat isa.

(Tingnan sa 2.2 – Pahina 2)

- Ilagay ang SIM card sa telepono sa may kulay na gold na mga contact na nakaharap pababa.
- Kung hindi ipapasok ang isang SIM card, maaaring hindi mo magamit ang mga serbisyo ng network ng iyong telepono

at ilang mga menu.

3. Ilagay ang baterya.

(Tingnan sa 2.3 – Pahina 2)

4. Palitan ang takip ng baterya.

Ipasok ang memory card (opsyonal)

Upang mag-imbak ng karagdagang mga file na multimedia, kailangan mong magpasok ng isang memory card.

- Ang pag-format ng memory card sa isang PC ay maaaring maging sanhi ng hindi pagkakatugma sa iyong telepono.

1. Tanggalin ang takip ng baterya.

(Tingnan sa 3.1 – Pahina 3)

2. Magpasok ng isang memory holder na may label sa gilid na nakaharap pataas.

(Tingnan sa 3.2 – Pahina 3)

PAGGAMIT NG PANGUNAHING MGA FUNCTION

Alamin kung paano magsagawa ng mga pangunahing pagpapatakbo ng iyong cellphone.

Buksan at patayin ang iyong telepono


Para buksan ang telepono,

1. Matagal na pindutin ang button para bumukas.
2. I-type ang iyong PIN number at pindutin ang OK (Kung ito ay kinakailangan).

Para patayin ang iyong telepono, pumunta sa 1 hakbang sa taas.

I-access ang mga menu at aplikasyon




Para maka-access sa mga Menu at Aplikasyon,

1. Sa home screen, pindutin ang button  na nasa screen para mag-pop up ang mga listahan ng naka-isatall na Aplikasyon sa iyong telepono.
2. I-slide ang iyong daliri sa kanan o kaliwa upang ma-access ang iba pang mga pahina ng aplikayon.
3. Pindutin ang anumang icon para makapasok sa aplikasyon.
4. Para maka-alis sa aplikasyon, pindutin ang Bumalik o Home sa ibaba ng screen.



Gamitin ang pangunahing mga function sa pagtawag

Matutong gumawa o sumagot sa mga tawag sa seksyong ito.

Gumawa ng tawag:

1. Sa home screen o sa aplikasyon ng menu, pindutin ang icon ng telepono  .
3. Pindutin ang  para masimulan ang pagtawag.
4. Para tapusin ang tawag, pindutin ang  .

Para sagutin ang isang tawag:




1. Kung ikaw ay nakatanggap ng tawag, i-slide ang icon ng telepono sa kanan para sagutin ito at i-slide sa kaliwa para tanggihan ito  .
2. Para tapusin ang tawag, pindutin ang  .

Ipadala at tingnan ang mga mensahe

Sa seksyong ito, matuto kung paano magpadala at makatanggap:



- Mga Mensahe sa Text(SMS).
- Mensahe sa Multimedia (MMS).

Mga hakbang para magpadala ng mga Mensahe sa Text at Multimedia:

1. Pindutin ang  Mensahe sa listahan ng mga aplikasyon, pagkatapos pindutin ang  sa gilid.
2. I-type ang numero ng telepono o pangalan na nasa contact na nasa larangan o pindutin ang  para maka-access sa mga Contact.
3. I-type ang iyong mensahe.

Upang magpadala ng text message pumunta sa hakbang 5.



Para maglakip ng isang bagay sa multimedia (audio, larawan, atbp.) magpatuloy sa hakbang 4.

4. Pindutin ang  sa kaliwa mula sa larangan ng text, piliin ang attach type pagkatapos ay piliin ang item.
5. Pindutin ang  para makapagpadal ng mensahe.

Magdagdag ng mga contact


Alamin ang mga pangunahing kaalaman sa paggamit ng mga tampok sa phonebook.

Magdagdag ng bagong contact:


1. Sa listahan ng aplikasyon pindutin ang Contacts , pagkatapos pindutin ang  sa ibaba para magdagdag ng bagong


contact.

2. Punan ang impormasyon sa contacts (Pangalan, Apelyido at numero ng telepono) Maaari kang magdagdag ng marami pang larangan tulad ng, email, tirahan.

3. Pindutin ang  sa ibabaw ng screen para i-save.

Maghanap ng isang contact

1. Sa listahan ng aplikasyon pindutin ang  Contacts.

2. I-slide ang iyong daliri mula sa ibaba papunta sa taas upang makita ang nakalista o pindutin ang button para maghanap  at i-type ang unang letra ng pangalano ang apelyido.

3. Para makita ang mga detaye ng contacts pindutin ang pangalan o ang larawan ng contacts.


Kung nais mong tumawag sa contacts pindutin ang numero ng telepono.

Makinig sa musika

Alamin kung paano makinig sa musika sa pamamagitan ng musika sa player o sa FM radio.

Making sa FM radio:

1. Isaksak ang mga earphone sa iyong telepono.


2. Sa listahan ng aplikasyon pidutin ang  FM Radio.

3. Gamitin ang tool bar sa ibaba ng para baguhin ang mga

istasyon.


Makinig sa mga file ng musika:

Una, kopyahin ang mga file ng musika galling sa iyong phone internal memory o sa MicroSD card.

1. Sa listahan ng aplikasyon, pindutin ang  Music.
2. Pumili ng isang order sa itaas ng screen at pindutin ang mga kanta na gusto mong pakinggan.
3. Pwede mong i-Pause, i-Loop, o baguhin ang mga kanta gamit ang tool bar na nasa ibaba.

Mag-browse sa web




Alamin kung paano mag-access sa iyong paboritong mga Web Sites.

1. Sa listahan ng aplikasyon, pindutin ang  Browser.
2. Pindutin ang address bar at i-type ang address ng web site na gusting mong puntahan.



PAGGAMIT NG KAMERA

Alamin ang mga pangunahing kaalaman sa pagkuha at pagtingin sa mga larawan.

Pagkuha ng mga larawan

1. Sa mga listahan ng mga aplikasyon, pindutin ang  Camera.
2. I-adjusts ang lente sa target na larawan at gawin ang nais na pagsasaayos sa pamamagitan ng pagpindot sa mga setting button .
3. Pindutin ang shot button  na nasa screen para makuha ang larawan. Ito ay awtomatikong mai-save.


Tingnan ang mga nakuhang larawan

Sa listahan ng aplikasyon, pindutin ang  Gallery at pagkatapos piliin ang Camera folder  upang ma-access at maisalarawan ang lahat ng mga larawan na nakuha ng iyong telepono.

PAGKONEKTA SA INTERNET

Alamin ang pangunahing mga kaalaman upang i-configure ang iyong telepono at mai-connect sa Internet.

Magdagdag ng bagong koneksyon

1. Sa listahan ng aplikasyon, pindutin ang  Settings upang maka-access sa configuration ng aparato.
2. Pindutin ang pagpipiliang "More...", pagkatapos pindutin ang mga network ng Mobile at pindutin ang mga Pangalan ng Access Point. Ngayon piliin ang SIM Card na gusto mong i-configure.
3. Pindutin ang Menu key at piliin ang Bagong APN pagkatapos, i-type sa mga parameter ayon sa iyong Tagapagdala.

Ang pangunahing mga parameter ay:

- Pangalan
- APN
- Username
- Password



Ang ilang tagapagdala ay gumagamit ng Proxy Servers, sumangguni sa iyong tagapagdala ng configuration para sa higit pang impormasyon.

4. Kapag natapos mong i-type ang kinakailangang mga parameter, pindutin ang Menu pagkatapos ay i-Save. Kung mayroon kang maramihang APN Configuration para sa parehong SIM card, piliin kung alin ang nais mong gamitin sa pagpindot sa button ng radyo na nasa kanang bahagi ng pangalan.

Para magdagdag ng connection, ulitin mula sa hakbang 3.

Magpalit sa pagitan ng mga tagapagdala (SIM cards)




Kung gagamitin mo ang maraming SIM cards at nais mong lumipat sa isa pa, sundin ang mga hakbang na ito:

1. Sa listahan ng aplikasyon, pindutin ang  Settings upang mai-access sa aparato ng configuration.
2. Pindutin.  SIM cards
3. Piliin ang Pagpipiliang koneksyon sa Data at piliin ang SIM Card na gusto mong gamitin.




PAGGAMIT NG WI-FI

Alamin ang paggamit ng mga telepono na walang kable na may kakayahang kumonekta sa katugmang lokal na network sa lugar.



Kumonekta sa network na walang kable

1. Sa listahan ng aplikasyon, pindutin ang  Settings upang maka-access sa configuration ng aparato.
2. Pindutin ang pagpipiliang  Wi-Fi .
3. Upang i-On ang Wi-Fi sa pagpindot ang button  sa itaas ng kanang bahagi.
4. Piliin ang network na walang kable at ipasok ang password ng seguridad kung kinakailangan.

Idiskonekta mula sa isang networka na walang kable

1. Sa listahan ng aplikasyon, pindutin ang  Settings upang mai-access sa configuration ng aparato.
2. Pindutin ang pagpipiliang  Wi-Fi .
3. Upang i-Off ang Wi-Fi pindutin ang button  sa itaas sa kanang bahagi.




Tingnan ang mga teknikal na detalye ng isang network na walang kable








1. Sa listahan ng aplikasyon, pindutin ang  Settings upang maka-access sa configuration ng aparato.
2. Pindutin ang pagpipiliang Wi-Fi  Wi-Fi .
3. Pindutin ang aktibong network na walang kable upang Makita ang mga detalye katulad ng Link Speed, Signal strength at marami pa.








IMPORMASYON SA SEGURIDAD

Mangyaring tandaan na sundin ang mga may kaugnayang alituntunin at regulasyon tuwing ginagamit ang iyong telepono. Mapipigilan nito ang masamang epekto mula sa iyo at sa kapaligiran.

Pangkalahatang seguridad

	<p>Kapag nagmamaneho, nakasakay sa bisikleta o naglalakad, huwag gumamit ng mga headphone o mga earphone. Ang iyong pansin ay maaaring mailihis nito, na maaaring maging sanhi ng aksidente at labag sa batas sa ilang mga makasaysayang lugar. Para sa mga pag-iingat sa kaligtasan ay huwag gamitin ang iyong telepono habang nagmamaneho, laging manatiling may kamalayan sa iyong mga kapaligiran. Sundin ang lahat ng mga tagubilin sa kaligtasan at regulasyon na may kaugnayan sa paggamit ng iyong kasangkapan kapag ikaw ay nagmamaneho ng sasakyan.</p>
	<p>Huwag gamitin sa mga istasyon ng gasolinahan.</p>
	<p>Panatilihin ang distansya nang hindi bababa sa 15 mm malayo sa iyong tainga o katawan habang nakikipag-usap sa telepono.</p>

	Ang iyong telepono ay maaaring gumawa ng isang maliwanag o kumikislap na ilaw.
	Ang maliliit na parte ay maaaring makapagdulot ng panganib na mabulunan.
	Huwag itapon ang iyong telepono sa apoy.
	Upang maiwasan ang anumang pinsala sa pandinig, huwag makinig sa matataas na antas ng lakas ng tunog na mas pinalawak. Ang sobrang presyur ng tunog mula sa mga earphone at headphone ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng pandinig.
	Iwasan ang pakikipag-ugnay sa anumang may batubalani.
	Iwasan ang mga pacemaker at iba pang elektronikong aparatongI pang medikal.
	Iwasan ang matinding temperatura.

	Patayin kung pinakikisuyuan sa mga hospital at sa mga medical na pasilidad.
	Iwasan ang malagyan ng mga likido. Panatiliing tuyo ang iyong telepono.
	Patayin kapag pinakisuyuan sa mga sasakyang panghimpapawid at paliparan.
	Huwag paghiwa-hiwalayin ang iyong telepono.
	Patayin kapag malapit sa mga sumasabog na bagay o mga likido.
	Gamitin lamang ang mga inaprobahang mga aparato.
	Huwag umasa sa iyong telepono para sa mga komunikasyon kapag may emergency.

Tingnan ang adaptor nang regular, partikular na sa nakasaksak at nakapatong upang makita ang anumang pinsala. Kung ang adapter ay nasira, hindi mo ito magagamit hanggang sa maayos ito.

Isaksak ang adaptor sa may lumalabas na kuryente na madaling mapupuntahan. Palaging bunutin sa saksakan ang adaptor pagkatapos gamitin.

Gamitin lamang ang adaptor na inilaan para sa aparato.



Babala sa elektrikal na panganib

Para maiwasan ang malubhang pinsala, huwag hawakan ang nakasaksak na charger!

Tanggalin ang charger kapag hindi ito ginagamit.

Para tanggalin ang nakasaksak na charger o ang aparato, hilahin ang nakasaksak, hindi ang may kuryenteng kable.

Ang kuryente sa module ay ang sangkap na nagpapahintulot sa iyo na idiskonekta ang produkto.

Dapat na madaling mapuntahan ang saksakan ng kuryente.

Huwag ilantad ang iyong aparato sa direktang liwanag ng araw, katulad ng sa dashboard ng iyong sasakyan, halimbawa.

Kung sakaling uminit ng labis huwag gamitin ang aparato.

Mag-ingat kapag ginagamit ang aparato habang naglalakad.

Huwag ilagay sa alanganin ang kasangkapan na malubhang makaapekto o mahulog ito mula sa mataas na posisyon, maaari itong maging sanhi ng mga pinsala o hindi na gumana.

Huwag paghiwa-hiwalayin, baguhin o ayusin ang aparato ng ikaw lamang.

Para linisin ang aparato gumamit ng malambot at malinis na basahan.

Huwag gumamit ng anumang produktong may kemikal o sabon.

Impormasyon sa mga mamimili sa aplikasyon ng EU WEEE.



Kapag sumapit na ang telepono sa katapusan ng kaniyang buhay, mangyaring tanggalin ang baterya bago itapon ang telepono.

Ang produktong ito ay sumasailalim sa mga regulasyon ng European Union na nagtataguyod ng muling paggamit at pag-rerecycle ng ginamit na elektrikal at elektronikong aparato. Kinakailangan ng produktong ito ang pagkuha at paggamit ng mga likas na yaman at maaaring maglaman ng mga mapanganib na sangkap. Ang simbolo sa itaas, sa produkto o sa pagkakabalot nito, ay nagpapahiwatig na ang produktong ito ay hindi dapat itapon kasama ng iyong iba pang basura sa bahay. Sa halip, responsibilidad mong itapon ang iyong aparato sa pamamagitan ng pagbibigay nito sa isang nakatalagang nangongolekta para sa pag-rerecycle ng mga basurang elektrikal at elektronikong aparato.

Ang hiwalay na koleksyon at muling paggamit ng iyong aparato sa panahon ng pagtatapon ay makakatulong upang pangalagaan ang mga likas na yaman at matiyak na ito ay muling magagamit sa isang paraan na pinoprotektahan ang kalusugan ng tao at ng kapaligiran.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung saan mo puwedeng itapon ang iyong mga patapong aparato para muling magamit, pakisuyong makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng lungsod, sa serbisyo ng pagtatapon sa bahay, o sa tindahan kung saan mo binili ang produkto.

Mga Rekomendasyon:

- Huwag paghiwa-hiwalayin, buksan o sirain ang aparato o ang baterya.
- Huwag ilantad ang produkto o ang baterya sa init o sunog. Iwasang itago ang aparato ng direkta sa liwanag ng araw.
- Huwag i-short-circuit ang baterya. Huwag mag-imbak ng mga baterya sa mga lalagyan na kung saan maaring magkaroon ng short-circuit sa pagitan ng bawat isa o magkaroon ng kaugnayan sa ibang mga bagay na may metal.
- Huwag maging sanhi ng mekanikal na shocks sa mga baterya.
- Sa kaso ng pagtagas, huwag hayaang malagyan ng likido ang iyong mga mata o balat. Kung sakaling mangyari, hugasan agad ng malinis na tubig ang naapektuhang bahagi at humingi ng medical na payo.
- Sundan ang mga markang plus (+) at minus (-) na nasa baterya at sa aparato at tiyakin na tama ang paggamit.

- Huwag gumamit ng anung kasangkapan o baterya na hindi ginawa upang gamitin sa aparato.
- Bantayan ang paggamit sa mga baterya ng mga bata.
- Kumonsulta kaagad sa doctor kung sakaling magkaroon ng paglunok sa isang elemento ng isang baterya.
- Palaging bumili ng bateryang inirerekomenda ng tagagawa ng aparato.
- Panatilihin ang produkto at ang baterya na malinis at tuyo.
- Punasan ang mga duluhan ng produkto o ang baterya kapag ito ay nadumihan, ng malinis at tuyong basahan.
- Ang pag-charge sa baterya ay kinakailangan bago ito gamitin. Palaging gamitin ang nakalaang charger at basahin ang mga tagubilin ng tagagawa o ang manual ng aparato para sa tagubilin na may kinalaman sa pag-charge.
- Huwag iwanan ang bateryang naka-charge kung hindi ito gagamitin.
- Pagkatapos ng matagal na panahong pagtatago, maaaring kailanganin na i-charge at tanggalin ang baterya ng ilang beses upang makamit ang pinakamataas na pagganap.

- Palaging panatilihin ang orihinal na dokumentasyon ng aparato, maaaring kailanganin mo ito sa ibang pagkakataon para sa pagsangguni sa hinaharap.
- Kung posible, tanggalin ang baterya kung hindi ito ginagamit.
- Huwag itago ang iyong aparato sa may matinding init o lamig tulad ng loob ng kotse sa panahon ng tag-init. Ito ay maaaring makasira sa iyong aparato at maaring maging sanhi ng pagsabog ng baterya. Inirerekomdang gamitin ang aparato sa saklaw na temperature sa pagitan ng 5°C at 35°C.

Pag-iwas sa pagkawala ng pandinig

May mgapanganib na hindi maibabalik sa pagkawala ng pandinig kung ang receiver, ang mga earphone, ang malalakas na speaker o hands-free kit ay ginagamit sa isang mataas na lakas ng tunog. Ayusin ang lakas ng tunog sa antas na walang panganib. Sa paglipas ng panahon, masasanay ka sa paggamit ng mas mataas na lakas ng tunog, ngunit maaaring maging sanhi ito ng pinsala sa iyong pandinig. Kung naririnig mo ang paghiging o mahinang pagsasalita, ihinto ang paggamit ng mga aparato at kumunsulta sa isang espesyalista. Kung mas mataas ang lakas ng tunog, mas mataas ang panganib na masira ang iyong pandinig.

Ang mga espesyalista ay nagbibigay ng mga sumusunod na rekomendasyon:

- Bawasan ang malakas na tunog ng mga headphone, ng speaker o ng handset.
- Iwasan ang pagpapalakas ng tunog para lamang takpan ang ingay sa kapaligiran.
- Hinaan ang tunog kung hindi mo marinig ang mga taong nagsasalita malapit sa iyo.

Pakisuyong maglaan ng oras upang basahin ang mahalagang seksyon na ito.

RADIO WAVES

Ang pamamatnubay ng pagsunod sa pamamaraan ng internasyonal (ICNIRP) o sa European Directive 2014/53 / EU (RED) ay kinakailangan ng lahat ng mga modelo ng cellphone bago maipasok ang mga ito sa merkado. Ang proteksyon sa kalusugan at kaligtasan para sa gumagamit o sinumang ibang tao ay may pangangailangan sa mga pamantayang ito o direktiba na ito.

ANG APARATONG ITO AY NAKATUTUGON SA MGA INTERNATIONAL NA MGA GABAY PARA SA PAGKAKALANTAD SA RADIO WAVES

Ang iyong aparato ng telepono ay isang radio na tagapagdala at tagatanggap. Ito ay dinisenyo upang hindi lumampas sa mga limitasyon para sa pagkakalantad sa mga radio wave (radio frequency electromagnetic fields) na inirerekomenda ng internasyonal na mga alituntunin. Ang mga patnubay ay binuo ng isang independiyenteng organisasyong pang-aham (ICNIRP) at may kasamang malaking margin sa kaligtasan na idinisenyo upang tiyakin ang kaligtasan ng lahat ng tao, anuman ang edad at kalusugan.

Ang mga alituntunin sa pagkakalantad sa radio wave ay gumagamit ng isang yunit ng pagsukat na kilala bilang ang Specific Absorption Rate, or SAR. Ang limitasyon ng SAR para sa mga aparato ng telepono ay 2 W/kg.

Ang mga pagsusuri para sa SAR ay isinasagawa gamit ang mga standard na posisyon sa pagpapatakbo sa pagpapadala ng aparato sa pinakamataas na antas ng sertipikadong lakas nito sa lahat ng sinubok na mga frequency band.

Ang pagsusuot ng SAR sa katawan ay isinagawa sa isang hiwalay na distansya na 1.5 cm. upang matugunan ang mga alituntunin sa pagkakatantad ng RF sa panahon ng pagpapatakbo ng katawan, ang aparato ay dapat na nakaposisyon nang hindi bababa sa distansya na ito malayo mula sa katawan. Kung hindi ka gumagamit ng aprubadong kasangkapan upang tiyakin na ang anumang produktong ginagamit ay malaya sa anumang metal at ang posisyon nito ay pinalalagay na ang telepono ay malayo mula sa katawan.

Para sa higit pang impormasyon magpunta sa www.energizyourdevice.com

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga electromagnetic field at sa pampublikong kalusugan ay makukuha sa sumusunod na site. <http://www.who.int/peh-emf>.

Ang iyong telepono ay nilagyan ng built-in na antena. Para sa pinakamainam na operasyon, dapat mong iwasang hawakan ito o hamakin ito.

Gaya ng mga aparato ng cellphone na nag-aalok ng isang saklaw na mga function, ang iyong telepono ay maaari gamitin sa mga posisyon na laban sa iyong tainga. Sa ganitong mga sitwasyon ang aparato ay sumusunod sa mga alituntunin kapag ginagamit ang kable ng headset o USB data. Kung ikaw ay gumagamit ng isa pang kasangkapan tiyakin na ang anumang produktong ginagamit ay libre sa anumang metal at na inilalagay ang telepono ng hindi bababa sa 1.5 cm ang layo mula sa katawan.

Pakisuyong maglaan ng oras upang basahin ang mahalagang seksyon na ito.

RADIO WAVES

Ang patunay ng pagsunod sa internasyonal na mga pamantayan (ICNIRP) o sa European Directive 2014/53 / EU (RED) ay kinakailangan ng lahat ng mga modelo ng cellphone bago maipasok ang mga ito sa merkado. Ang proteksyon ng kalusugan at kaligtasan para sa gumagamit o sinumang ibang tao ay may pangangailangan sa mga pamantayang ito o direktiba na ito.

ANG APARATONG ITO AY NAKATUTUGON SA MGA INTERNATIONAL NA GABAY PARA SA PAGLALANTAD SA RADIO WAVES

Ang iyong aparatong telepono ay isang radio na tagapagdala at tagatanggap. Ito ay dinisenyo upang hindi lumampas sa mga limitasyon para sa pagkakalantad para sa mga radio wave (radio frequency electromagnetic fields) na nagrerekomenda ng international na mga alituntunin. Ang mga patnubay ay binuo ng isang independyenteng organisasyon na pang-aham (ICNIRP) at may kasamang malaking margin ng kaligtasan na dinisenyo upang tiyakin ang kaligtasan ng lahat ng tao anumang edad at kalusugan.

EU Regulatory Conformance

Sa pamamagitan nito, ang aparato na ito ay sumusunod sa mahahalagang kinakailangan at iba pang kaugnay na mga probisyon ng Direktiba ng 2014/53 / EU.

Para sa deklarasyon ng pagsunod, bisitahin ang Web site sa www.energizeyourdevice.com

Pansinin: Obserbahan ang mga regulasyon sa pambansang lokal kung saan gagamitin ang aparato. Ang aparatong ito ay maaaring pinaghigpitan para sa paggamit ng ilan o sa lahat ng mga miyembro ng estado ng European Union (EU)

Mga tala:

- Dahil sa paggamit ng nakapaloob na materyal, ang cellphone ay dapat lamang konektado sa isang USB Interface ng bersyon 2.0 o mas mataas. Ang koneksyon sa tinatawag na power USB ay ipinagbabawal.

- Ang adaptor ay dapat na naka-istall malapit sa aparato at dapat na madaling mapupuntahan.

- Huwag gamitin ang mga cellphone na may masyadong mataas o masyadong mababa ang temperatura, huwag kailanman ilantad ang cellphone sa ilalim ng mataas na sikat ng araw o masyadong basang kapaligiran. Ang angkop na temperatura para sa telepono at mga kasangkapan ay -10°C - -55°C .

- Kapag nagkakarga, mangyaring ilagay ang telepono sa isang kapaligiran na may isang normal na temperatura ng kuwarto at mahusay na bentilasyon. Inirerekomenda na kargahan ang telepono sa isang

kapaligiran na may temperatura na umaabot sa 5 °C ~ 25 °C. Mangyaring siguraduhin na gamitin lamang ang charger na inalok ng tagagawa. Ang paggamit ng hindi awtorisadong charger ay maaaring magdulot ng panganib at lumabag sa pahintulot ng telepono at sa artikulo ng garantiya.

- MAG-INGAT: PANGANIB SA PAGSABOG KUNG ANG BATERYA AY PINALITAN NG MALING URI. MAGTAPON NG GINAMIT NA MGA BATERYA AYON SA NAKATAGUBILIN.

- Ang sobrang presyur ng tunog mula sa mga earphone at headphone ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng pandinig.

Para sa higit pang impormasyon puwede kang magpunta sa www.energizyourdevice.com

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga electromagnetic field at sa pampublikong kalusugan ay makukuha sa mga sumusunod na site. <http://www.who.int/peh-emf>.

Ang iyong telepono ay nilagyan ng built-in na antena. Para sa pinakamainam na operasyon, dapat mong iwasang hawakan ito o hamakin ito.

Bilang mga aparato na nag-aalok ng isang hanay ng mga function, ang iyong telepono ay maaari gamitin sa ibang mga posisyon na laban sa iyong tainga. Sa ganitong mga sitwasyon ang aparato ay sumusunod sa mga alituntunin kapag ginamit ang kable ng headset o USB data. Kung ikaw ay gumagamit ng isa pang kasangkapan tiyakin na ang anumang produktong ginagamit ay libre sa anumang metal at na inilalagay ang telepono sa hindi bababa na 1.5 cm ang layo mula sa katawan.



**SERTIPIKO NG PAGSUNOD
ENERGY S500E**

Kami, **AVENIR TELECOM**,
(208, Boulevard de Plombières, 13581 Marseille Cedex 20, FRANCE)
Na dito ay nagdedeklara na:

Ang ENERGIZER ay sumusunod sa mga pamantayan at probisyon ng mga direktiba. Ang sertipiko ng pagsunod sa pamamaraan ay tinukoy sa artikulo IV ng direktibang 2014/53/EU ay sumailalim sa kontrol ng sumusunod na organisasyon:

BAY AREA COMPLIANCE LABORATORIES CORP.

1274 Anvilwood Ave. Sunnyvale, CA 94089. USA
www.baclcorp.com

Phone: +1 408 732 9162 Fax: +1 408 732 9164

Ang buong teksto ng sertipiko ng pagsunod ng device ay makukuha kapag hiniling sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa sumusunod na adres: **AVENIR TELECOM**- 208, Boulevard de Plombières, 13581 Marseille Cedex 20, FRANCE.

07/09/2017

(Petsa)

Jean-Daniel BEURNIER / CEO

(Pangalan at lagda ng awtorisadong tao)

Pinakamataas na SAR para sa model na ito at mga kondisyon kung saan ito ay nirekord:	
EGSM 900	0.632 W/kg 10g Ulo SAR 1.049 W/kg 10g Katawan SAR
DCS 1800	0.233 W/kg 10g Ulo SAR 0.542 W/kg 10g Katawan SAR
WCDMA 900	0.315 W/kg 10g Ulo SAR 0.509 W/kg 10g Katawan SAR
WCDMA 2100	0.737 W/kg 10g Ulo SAR 1.434 W/kg 10g Katawan SAR

Sa oras ng paggamit, ang aktuwal na halaga ng SAR para sa device na ito ay karaniwang mahusay na nasa ibaba ng halagang isinaad sa itaas. Ito ay dahil para sa mga layunin ng kabisaan ng sistema at mabawasan ang panghihimasok ng network, awtomatikong mababawasan ang operating power ng mobile device mo kapag hindi kinakailangan ang full power para sa tawag. Mas mababa ang power output ng device, mas mababa ang SAR value nito.

م.م.ذ.ش. ل غوغ تكنولوجي قيراجت تامال عيه مخرالا تامال علا و يال ل غوغ ، ل غوغ

Google, Google Play and other marks are trademarks of Google LLC.

Energizer®

إنيرجايزر وبعض التصاميم الجرافيكية هي علامات تجارية لشركة إنرجايزر ، والشركات التابعة ذات الصلة وتستخدم بموجب ترخيص من أفينير تليكوم. جميع الأسماء التجارية الأخرى هي علامات تجارية لأصحابها. لا أفينير تليكوم ولا إنرجايزر العلامات التجارية، هي تابعة لأصحابها من علاماتها التجارية.

© 2018 Energizer. Energizer and certain graphic designs are trademarks of Energizer Brands, LLC and related subsidiaries and are used under license by Avenir Telecom®. All other brand names are trademarks of their respective owners. Neither Avenir Telecom® nor Energizer Brands, LLC is affiliated with the respective owners of their trademarks.